# KWENTO NG PAGLIKHA (BAHAGI 1 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang mahusay na kwento ng mga pinagmulan ng paglikha mula sa pananaw ng kosmolohiya ng Islam, na kinikilala na ang Diyos ang Tagapaglikha ng lahat. Ang artikulo ay tumatalakay din sa Kahanga-hangang Trono, ang Patungan ng Kanyang Paa, at ang Panulat.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga kuwento ng mga Bagong Muslim Kalalakihan

**Ni:** Imam Mufti (© 2016 IslamReligion.com)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 05 Apr 2020

## Ang Diyos ang Lumikha ng Lahat



Kaya paano ito nagsimula? Diyos. Wala ng iba. Ang Propeta ng Islam, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala, ay tinanong, "O Sugo ng Diyos, nasaan ang ating Panginoon bago Niya nilikha ang Kanyang mga nilikha?" Sinabi niya: "Walang ibang umiiral kundi Siya, wala sa Kanyang ilalim at wala sa Kanyang itaas."[1]

Pag-isipan kung gaano kamangha-mangha iyon, pagpapatunay ito sa atin na walang ibang Diyos na tunay at karapat-dapat; ang nilikha ay nangangailangan ng Diyos at wala nang iba dahil sa pasimula ay mayroon ng Diyos habang wala pang ibang umiiral.

Ang Diyos ay nagsabi sa Quran:

> ***"Ang Diyos ang Siyang [tanging] Tagapaglikha ng lahat ng bagay, at Siya ang Tagapangasiwa sa lahat ng bagay." (Quran 39:62)***

Kaya't ang lahat maliban sa Kanya ay Kanyang nilikha, ito ay nasa ilalim ng Kanyang kapangyarihan at pangangasiwa, at Kanya itong pina-iral.

Si Jubair, ang kasamahan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay inilarawan ang kanyang sarili, sa pagsasabi, "Ako ay isa sa mga pinakadakilang kaaway ng Propeta", at kanyang sinabi, "kinasusuklaman ko sya higit pa sa ibang taong nabubuhay dito sa mundo," ngunit may isang kakaibang nangyari. "Isang beses ako ay naglalakad patungo sa mosque at narinig ko ang Propeta na bumubigkas ng mga talata galing sa isang kabanatang At-Toor (Quran 52:35-36), 'O sila ba ay nilikha mula sa

walang [pinagmulang] bagay, o sila ang mga tagapaglikha ng kanilang mga sari-sarili? O sila ba ang lumikha sa mga kalangitan at sa kalupaan? Bagkus, sila ay walang kaalam-alam, sila ay nasa kalituhan!"

Sinabi ni Jubair na sa sandaling iyon na narinig niya ang mga sinabi ng Propeta, kahit hindi niya tinanggap ng opisyal ang Islam hanggang sa huling banda ng kanyang buhay, "Ang pananampalataya ay pumasok sa aking puso. Alam ko sa puntong iyon na hindi maaring walang Diyos!"

Kung ikaw ay uupo at dadaan ka sa proseso ng pag-aalis ng mga maaaring posibilidad kung paano tayo nalikha at ang iba pa na nandito ngayon sa mundo, malalaman mong walang ibang paraan na makapagpapaliwanag dito maliban lamang na ang Diyos ang naglikha.

## Ang Paglikha ng Tubig, Trono (*Arsh*) at ang Patungan ng Paa (*Kursi*)

***Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay nagsabi: "Walang ibang umiiral maliban sa Diyos, ni wala sa Kanyang ilalim at wala sa Kanyang Itaas. Pagkatapos ay Kanyang nilikha ang Kanyang Trono sa ibabaw ng Tubig."[2]***

Ang Propeta ay sinabi sa atin na umiiral na Diyos noong una pa man at wala ng Iba pa. Pagkatapos, ang Diyos ay naglikha ng tubig at ng Kanyang Trono (*Arsh*). Sila ay nilikha na hiwalay sa mga anghel at nilikha bago paman nilikha ang kalangitan at ang kalupaan. Si propeta Muhammad ay nagsabi, "Mayroong Diyos, at walang kahit ano sa Kanyang paligid, at ang Kanyang Trono ay nasa ibabaw ng tubig. Isinulat Niya ang lahat sa Libro (sa langit) at nilikha Niya ang kalangitan at kalupaan."[3]

Maraming beses na binanggit ng Diyos sa Quran na Siya ang Panginoon ng Maluwalhati na Trono, sapagkat ito ang isa sa pinakamahalaga at pinaka kahanga-hanga ng Kanyang mga nilikha.

Ang *Kursi* ay isang patungan ng Kanyang Paa na parang hagdanan sa Trono at ang Diyos ay nasa itaas ng Kanyang trono, Gayunpaman ay walang maitatago mula sa Kanya. Ang pinakadakilang talata sa Quran, na kilala sa salitang Arabe na *Ayah al-Kursi*, o ang "Talata ng Patungan ng Paa," bago binanggit ng Diyos ang Patungan ng Kanyang Paa, nabanggit Niya ang tungkol sa Kanyang Kaalaman." (Quran 2:255)

Ang Kanyang *Kursi*, Patungan ng Kanyang paa, ay saklaw ang lahat ng kalangitan at kalupaan na nasa ilalim nito (Quran 2:255). Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay nagsabi, "Ang Patungan ng Kanyang Paa kung ikukumpara sa Trono ay hindi hihigit sa isang singsing na gawa sa bakal na itinapon sa malawak sa disyerto".[4] Gayundin, sinabi ni Ibn Abbas na kung ang Kursi, ang Patungan ng paa, ay sumasaklaw sa buong langit at lupa, kung gayon ano pa kaya ang tungkol sa Trono? Wala tayong ganap na kaalaman kung gaano kalaki ang Trono at malinaw na hindi natin matantya ang kadakilaan ng Diyos Mismo.

Ang Diyos ay hindi malayo; binibigyang diin Niya sa buong Quran na Siya ay kasama natin saan man tayo naroroon. Sa Surah al-Hadid (Kabanata 57), kaagad pagkatapos

na sabihin sa atin ng Diyos na Siya ay puma-itaas sa Kanyang Trono, sinabi Niya sa atin na nalalaman Niya ang lahat ng pumapasok at lumalabas sa mundo, lahat ng bagay na bumababa mula sa langit at kung ano ang umaakyat doon, sa makatuwid, alam Niya ang pinakamaliliit na mga detalye ng lahat (Quran 57: 4). Alam natin na ang Diyos ay nasa itaas ng Kanyang Trono, subalit Siya ay Makapangyarihan sa lahat at ang Kanyang kaalaman ay sumasaklaw sa lahat.

Bukod dito, sinabi ng Diyos ang patungkol sa mga dakilang anghel na magdadala ng Trono. Sila ay napakalaki at kamangha-manghang mga nilalang mula sa pinakamahuhusay na anghel na magdadala ng Kanyang Trono (Quran 69:17). Sinabi ng Propeta, "Pinayagan akong magsalita tungkol sa isa sa mga anghel ng Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, na isa sa mga magdadala ng Trono (na sabihin sa inyo) na ang distansya sa pagitan ng kanyang tenga at balikat ay isang paglalakbay ng pitong daang taon." (Abu Dawud) Ito ay isinalaysay din ng ganito, "Ang distansya ay (kagaya ng) ng isang ibon na lumilipad nang pitong daang taon." (Ibn Abi 'Asim)

Ano ang ginagawa ng mga anghel na iyon?

Sinabi sa atin ng Diyos na ang mga anghel na magdadala ng Kanyang Trono at ang mga nakapaligid dito ay nagluluwalhati at nagbibigay ng mga papuri sa Kanya, naniniwala sa Kanya at humihingi ng kapatawaran para sa mga naniniwala. Ipinagdarasal nila sila na nagsasabing "Aming Panginoon, saklaw mo ang lahat ng mga bagay sa awa at kaalaman, kaya patawarin mo ang mga nagsisisi at sumusunod sa Iyong landas at protektahan sila mula sa parusa ng Impiyerno." (Quran 40: 7)

Niluluwalhati nila ang Diyos at dinideklara ang pagiging perpekto ng Diyos upang ipakita na ang Diyos ay Nag-iisa sa Trono at hiwalay mula sa mga magdadala ng Trono. Hindi kailangan ng Diyos ang Trono; Hindi kailangan ng Diyos ang mga magdadala ng Trono.

## Ang Panulat

Matapos na likhain ang tubig at ang Trono, ang Diyos ay lumikha ng Panulat. Nang sinabi ng Propeta na Ang Diyos ay lumikha ng Panulat, sinabi Niya na ang Kanyang Trono ay nakapwesto sa ibabaw ng tubig, na mayroong baitang ng tubig sa ilalim ng Trono ng Panginoon.

***"Inutos ng Diyos ang sukat ng paglikha limampung libong taon bago pa Niya nilikha ang Langit at ang Lupa habang ang Kanyang Trono ay nasa ibabaw ng tubig."*[5]**

Ano ang sukat ng Panulat? Ano ang Itsura nito? Wala tayong ganap na ideya.

***Sinabi ng Propeta, "Ang Diyos ay nag-utos sa Panulat: 'Sumulat ka.' Tumugon ito: 'O Panginoon, ano ang aking isusulat?' Kanyang sinabi: ' Isulat mo ang mga kautusan sa lahat ng bagay hanggang sa magsimula ang Oras (araw ng paghuhukom).'"*[6]**

---

Mga talababa:

[1] Tirmidhi, Abu Daud. Naiuri bilang *sahih* ni Tabari at *hasan* ni Tirmidhi, Dhahabi, at Ibn Taimiyyah

[2] *Tirmidhi, Ibn Majah*

[3] *Saheeh Al-Bukhari*

[4] Tafsir Tabari

[5] *Saheeh Muslim*

[6] *Abu Dawud*

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/11041/kwento-ng-paglikha-bahagi-1-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.